Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI NG KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-14 NG AGOSTO, 2002, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:25 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | . . . . . . . . . . . . . . | PANG. PUNONG BAYAN<br>*Tagapangulo* |
| Kgg. Louie C. de Leon | . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Rosselon F. Pamatmat | . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. *Ricardo B. Ramirez* | . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Purita P. Sarmiento | . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Florencio C. Odejar | . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad<br>*Nasa lakad opisyal* |

KAPASIYAHAN BLG. 188-T'2002

*KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 77-T'2002 / KAUTUSAN SA LAANG GUGULIN BLG. 05-T'2002 NG SANGGUNIANG BARANGAY NG PATIMBAO NA INILILIWAT / INILILIPAT ANG HALAGANG LIMANGLIBO APATNARAANG PISO (P5,400.00) MULA SA GUGULING NAKALAAN SA PAGSASANAY / SEMINAR NA NAGKAKAHALAGA NG P6,850.00 UPANG MAGSILBING KABAYARAN SA MGA NAGLINGKOD SA GINANAP NA HALALAN NG SANGGUNIANG BARANGAY AT SANGGUNIANG KABATAAN NG NABANGGIT NA BARANGAY.*

*SAPAGKA'T,* ang pagliliwat ng halagang P5,400.00 mula sa pondong nakalaan sa pagsasanay ay isinagawa ng Sangguniang Barangay ng Patimbao sa layuning mabayaran ang mga naglingkod sa nakaraang halalan ng Sangguniang Barangay at Sangguniang Kabataan ng nabanggit na barangay;

*SAPAGKA'T,* ito ay dumaan sa pagsusuri ng mga kasapi ng Lupon sa Pananalapi ng pamahalaang bayan at inirekomendang pagtibayin ng Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi ng Sangguniang Bayan;

*SAPAGKA'T,* anuman ang gawing paglalabas ng gugulin ay kapapanagutan ito ng Sangguniang Barangay ng Patimbao.

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,* sa mungkahi ng Kgg. Kag. Eugenio A. Javier, Jr., na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Louie C. de Leon, Bernardo E. Ison, Ricardo B. Ramirez at Purita P. Sarmiento at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap., ay

*PINAGPASIYAHAN*, Na pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 77-T'2002 / Kautusan sa Laang Gugulin Blg. 05 – T'2002 ng Sangguniang Barangay ng Patimbao na inililiwat / inililipat ang halagang P5,400.00 mula sa guguling nakalaan sa pagsasanay / seminar na nagkakahalaga ng P6,850.00 upang magsilbing kabayaran sa mga naglingkod sa ginanap na halalan ng Sangguniang Barangay at Sangguniang Kabataan ng nabanggit na barangay.

*INIUUTOS,* Na padalhan ng sipi ng Kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-yaman, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay ng Patimbao, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY.*

*PINATUTUNAYAN* kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO: KGG. ARIEL T. MAGCALAS
*Pang. Punong Bayan / Tagapangulo*

PINAGTIBAY:

KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan

749